Republic of the Philippines

**Department of Education**

**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**




# 5

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 7: Kahalagahan ng Pakikipaglaban ng mga Igorot sa Cordillera sa Pagpapanatili ng Kanilang Kasarinlan



Pangalan: ______________________________

Baitang at Seksyon: ______________________________

Paaralan: ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Michael D. Tano, Kristian P. Roxas

**Mga Editor**: Maria Rosario C. Sabanal, MT-1

**Tagasuri:** Crisente P. Talitayan, MT-1, Mizpa R. Ando-T-3

**Tagaguhit/Tagakuha ng Larawan:** Geron Ray A. Lumot

**Tagalapat:** Marilou T. Ramirez

**Tagapamahala:** Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI
OIC, Schools Division Superintendent

Visminda Q. Valde, EdD
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Raymond M. Salvador, EdD, CESE
OIC, Assistant Schools Division Superintendent

Juliet A. Magallanes, EdD
CID Chief

Florencio R. Caballero, DTE
EPS - LRMDS

Alma L. Carbonilla, EdD
EPS - Araling Panlipunan



# Alamin

Pagkatapos mong isagawa ang modyul na ito, ikaw ay inaasahang:

● Mapapahalagahan ang mga katutubong Pilipinong lumaban upang mapanatili ang kanilang kasarinlan (mga Igorot sa Cordillera).



# Balikan

**I-Panuto:** Hanapin sa puzzle ang mga salitang makikita sa ibaba at bilugan ito.

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| H | O | O | M | S | I | L | A | Y | N | O | L | O | K | U |
| D | M | P | Z | H | Z | O | S | N | Y | T | X | E | X | Q |
| X | S | U | R | Q | A | A | E | X | L | K | H | D | W | W |
| O | I | M | H | X | K | I | A | Z | L | T | N | R | V | W |
| K | N | H | G | T | S | X | B | B | I | H | E | R | E | S |
| N | A | S | Y | O | N | A | L | I | S | M | O | D | L | B |
| K | Y | E | N | B | L | H | N | U | Y | U | A | N | O | R |
| B | I | Y | O | X | K | T | B | R | M | V | K | O | P | Z |
| F | T | W | R | B | O | A | O | X | R | C | U | Y | M | O |
| X | S | K | P | S | K | W | T | T | X | P | H | L | U | X |
| A | I | E | B | Z | U | E | A | U | W | Z | E | E | U | H |
| J | R | R | O | T | K | M | A | G | T | T | A | B | D | A |
| U | K | O | I | A | K | G | P | S | K | U | Q | E | S | A |
| R | Q | J | H | V | D | J | R | E | Z | U | B | R | Y | N |
| O | L | C | D | Z | J | F | S | K | E | F | J | O | R | Z |

**KOLONYALISMO** **REBELYON** **KRISTIYANISMO**


**NASYONALISMO** **KATUTUBO**

| Aralin 7 | Kahalagahan ng Pakikipaglaban ng mga Igorot sa Cordillera sa Pagpapanatili ng Kanilang Kasarinlan |
|---|---|




# Tuklasin


Panuto: **4 Pics 1 word**. Punan ng tamang mga letra upang mabuo ang salita na ipinapakita sa larawan.



I _ O _ _ T



N _ _ _ P _ _ _ A B _ N



K _ L _ A _ N

Buuin ang pahayag na nasa ibaba.

Ang mga ______________________ ay ________________________ upang mapanatili ang kanilang ______________________.



# Suriin


Basahin at unawaing mabuti ang teksto.

**MGA KATUTUBONG PANGKAT NA LUMABAN SA KOLONYALISMONG ESPANYOL**

Anu-ano ang mga dahilan kung bakit hindi naging matagumpay ang pananakop ng mga Espanyol sa mga katutubong pangkat gaya ng mga Igorot sa Cordillera? Sa paanong paraan nakipaglaban ang mga katutubong Igorot sa mga Espanyol upang mapanatili ang kanilang kasarinlan? Gaano kahalaga sa mga katutubo ang pagiging malaya mula sa kolonyalismong Espanyol?

Sa kabila ng pagpupunyagi ng mga Espanyol upang mapalaganap ang kolonyalismo sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagpapalaganap ng Kristiyanismo at iba pang patakaran ay bigo pa rin nilang mapasuko at masakop ang lahat ng mga katutubong pangkat sa bansa. Dahil sa heograpikal na katangian ng bansa at sa katapangang ipinamalas ng mga katutubong pangkat tulad ng mga Igorot sa Cordillera ay hindi nagtagumpay ang mga dayuhan na sakupin ang mga katutubo kaya't napanatili nila ang kanilang kalayaan.

**Ang mga Igorot sa Cordillera**

| Dahilan ng Pananakop sa mga Igorot | Pangyayari |
|---|---|
|  **Ginto** *Source: https://bit.ly/3pTKRRa* | Agad nagpadala ng misyon si Legazpi sa Ilocos sa pamumuno ng kaniyang apo na si Juan de Salcedo upang siyasatin ang mga gintong ibinebenta dito ng mga Igorot. Lalong naging maigting ang paghahanap ng ginto sa pagsiklab ng Thirty Years War sa Europe dahil sa matinding pangangailangan ng Spain ng pantustos sa digmaan. Noong 1624, tuluyang inihinto ang paghahananap ng minang ginto sa Cordillera. |
|  **Kristiyanismo** *Source: https://bit.ly/3pTKRRa* | Ninais ng mga Espanyol na mabura ang sinaunang relihiyon ng mga Igorot at baguhin ang kanilang pamumuhay ayon sa pamantayan ng mga Espanyol. Hindi nagtagumpay ang mga Espanyol sa misyong binyagan sa Kristiyanismo ang mga Igorot. Una, naging mahirap para sa mga misyonero na tunguhin nang madalas ang bulubundukin ng Cordillera. Pangalawa, nagkaroon ng kakulangan sa mga misyonerong maaaring ipadala sa lalawigan. Huli, naging mahirap din para sa mga sundalong Espanyol na ipinadala sa Cordillera na lupigin ang mga mandirigmang Igorot sa bulubunduking kabisado nila ang pasikot-sikot. |

Ang mga Igorot sa Cordillera na kabilang sa iba't-ibang pangkat etnolingguwistiko gaya ng Ibaloi, Isneg (o Apayao), Kankanaey, Kalinga, Bontoc, at Ifugao ay ilan sa mga katutubong pangkat sa Pilipinas na hindi napagtagumpayang sakupin ng mga Espanyol. May tatlong dahilan kung bakit gustong sakupin ng mga

| | |
|---|---|
|  **Monopolyo sa Tabako** *Source: https://bit.ly/3pTKRRa* | Pagsapit ng ika-19 na siglo, muling nagpadala ng misyon ang mga Espanyol sa Cordillera upang magtatag dito ng pamahalaang militar. May mga hinirang na kinatawan ang pamahalaan na siyang may karapatang bumili ng tabako sa mga katutubo. Gayunpaman, hindi ito sinunod ng mga Igorot na patuloy pa ring nagbebenta ng tabako nang patago sa ibang mangangalakal. |

Espanyol ang mga Igorot. Ito ay dahil sa deposito ng ginto, pagpapalaganap ng Kristiyanismo, at monopolyo sa tabako.

| **KAHALAGAHAN NG IBA'T-IBANG TUGON NG MGA IGOROT SA KOLONYALISMONG ESPANYOL** | | |
|---|---|---|
| Tugon | Mga Pangyayari | Kahalagahan |
| Pagsuway ng mga Igorot sa mga patakarang Espanyol at Rebelyon | -hindi pagsunod ng mga Igorot sa mga patakaran ng monopolyo ng tabako<br><br>-pagbenta ng mga tabako sa ibang mangangalakal maliban sa mga hinirang ng pamahalaang Espanyol<br><br>-hindi pangingilag sa kabila ng pagtatatag ng pamahalaang militar sa Cordillera | -pantay-pantay na karapatan sa ilalim ng monopolyo sa tabako<br><br>-malayang pakikipagkalakalan sa ibang mangangalakal<br><br>-pagkakaisa laban sa pang-aabuso ng mga Espanyol |
| Pangangayaw ng mga Igorot | -ang pangangayaw o head hunting ay isang tradisyon ng mga Igorot ng pakikidigma at pagpugot sa kaaway<br><br>-kinatakutan ang tradisyong ito ng mga misyonerong prayle sa Cordillera, kung kaya't nililisan nila ang lugar—dahilan upang hindi matagumpay na napalaganap ang Kristiyanismo sa mga katutubo | -pagpreserba ng nakagisnang paniniwala<br><br>-pagbibigay-halaga sa malayang pamumuhay na malayo sa impluwensiya ng mga dayuhang mananakop<br><br>-kalayaan sa pamamahala |

Dahil sa kabiguang masakop ng mga Espanyol ang mga Igorot, tinagurian sila bilang *tribus independientes* o "tribong malaya" ni William Henry Scott, isang historyador.



# Pagyamanin

**Panuto**: Pagtambalin ang mga isinasaad na pahayag sa Hanay A na tumutukoy sa mga pahayag o salita na nasa Hanay B.


| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1. Hindi pagsunod sa mga patakaran ng monopolyo sa tabako. | a. ginto |
| 2. Isang tradisyon ng mga Igorot ng pakikidigma at pagpugot sa ulo ng kaaway. | b. pangangayaw |
| 3. Isa sa mga pangunahing dahilan ng mga Espanyol sa pananakop sa mga Igorot. | c. Kristiyanismo |
| 4. Isa sa mga hinangad na makuha ng mga Espanyol sa kabundukan ng Cordillera at bilang pantustos sa digmaan. | d. pagsuway o rebelyon |
| 5. Patakarang pang-ekonomiya na ipinatupad ni Gobernador-Heneral Jose Basco y Vargas kung saan ang lahat ng maaning tabako ng mga Igorot ay bukod tanging sa pamahalaang kolonyal lamang ibenta. | e. monopolyo sa tabako |



# Gawain

**Gawain A**

**Panuto**: Buuin ang balangkas sa pamamagitan ng pagbibigay ng tamang impormasyon o pahayag na makikita sa loob ng kahon na nasa ibaba.




pagpapalaganap ng Kristiyanismo

monopolyo sa tabako    pangangayaw    rebelyon

pagsuway sa patakaran    paglagda sa kasunduan

**Gawain B**

**Panuto:** Sagutin ang tanong sa ibaba at isulat ang sagot sa patlang. Gamitin ang rubrik bilang batayan sa pagbibigay ng puntos.(**5 puntos**)

## RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (5)** | Napakalinaw at napakatumpak ng sagot sa tanong ukol sa kahalagahan ng pakikipaglaban ng mga Igorot sa pagpapanatili ng kanilang kasarinlan |
| **Mahusay (4)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong ukol sa kahalagahan ng pakikipaglaban ng mga Igorot sa pagpapanatili ng kanilang kasarinlan |
| **Katamtaman (3)** | May kalinawan ang sagot ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong |
| **Di-gaanong Maayos (2)** | Hindi masyadong malinaw ang sagot sa tanong na ibinigay |
| **Sadyang Di-Maayos (1)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |

1. Sa iyong pananaw, ano ang kahalagahan ng pakikipaglaban ng mga Igorot sa pagpapanatili ng kanilang kasarinlan? Ipaliwanag.

   **Sagot:**_______________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   _______________________________________________________________________

   ______________________________.



# Isaisip

| |
|---|
| **Panuto**: Kumpletuhin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat ang sagot sa patlang. |

Ang natutunan ko sa araling ito ay ang mga Igorot sa Cordillera ay isa sa mga katutubong pangkat na hindi napasailalim o nasakop ng mga Espanyol. Sila ay tinangkang sakupin dahil sa deposito ng ginto, monopolyo sa tabako, at (1.)______________________________.Naging mahalaga ang pagsuway ng mga Igorot sa patakarang Espanyol dahil ninais nila ang pantay-pantay na karapatan, (2.) ____________________________________________(3.)______________________________ ________. Dagdag nito, isinagawa din nila ang pangangayaw o headhunting laban sa mga Espanyol dahil mahalaga sa kanila ang pagpreserba sa nakagisnang paniniwala at(4.)______________________________at (5.) __________________.



# Tayahin

**A. Panuto: Punan ng tamang impormasyon ang hinihingi sa Tsart sa ibaba.**

| Tugon ng mga Igorot sa Kolonyalismong Espanyol | Kahalagahan |
| --- | --- |
| Pagsuway sa patakaran | pantay-pantay na karapatan sa ilalim ng monopolyo sa tabako<br>1. ______________________<br>2. ______________________ |
| Pangangayaw o Headhunting | 3. ______________________<br>4. ______________________<br>5. ______________________ |

**B. Panuto: Basahin at unawain ang mga tanong. Bilugan ang titik ng tamang sagot.**

6. Ninais ng mga Espanyol na mabura ang sinaunang relihiyon ng mga Igorot at ________________ ayon sa kanilang pamantayan.

A. baguhin ang kanilang pamumuhay
B. baguhin ang sistemang pangkalakalan
C. pag-ibayuhin ang malalayang pamumuhay
D. pagsunod sa impluwensiya ng dayuhang mananakop

7. Ano kaya ang mangyayari kung ang mga Igorot ay hindi nakipaglaban sa mga Espanyol?

   A. Magiging negosyante sila.
   B. Magiging sunod-sunuran sila sa mga patakaran ng mga Espanyol.
   C. Magiging kapaki-pakinabang sila sa mga adhikain ng mga Espanyol.
   D. Magiging ganap silang mga Kristiyano at mababago ang kanilang paraan ng pamumuhay.

8. Kung ikaw ang nasa kalagayan ng mga Igorot noon, gagawin mo rin ba ang kanilang ginawang pakipaglaban sa mga Espanyol?

   A. Oo, dahil ayaw kong maniwala sa mga taong hindi ko kakilala.
   B. Oo, dahil sila ay nagkaisa at matapang na ipinaglaban ang kanilang karapatan upang mapreserba ang kanilang paniniwala at kalayaan na malayo sa dayuhang mananakop.
   C. Hindi, dahil ito ang nararapat gawin para sa kapayapaan at kaayusan.
   D. Hindi, dahil gusto kong maranasan ang kanilang paraan ng pamumuhay.

9. Alin sa mga sumusunod ang **hindi** kabilang sa mga dahilan kung bakit hindi nagtagumpay ang mga Espanyol sa misyong binyagan sa Kristiyanismo ang mga Igorot?

   A. Kakulangan sa mga misyonerong maaaring ipadala sa lalawigan.
   B. Pagsunod sa mga patakaran at pagyakap sa Kristiyanismo kahit labag sa kanilang kalooban.
   C. Naging mahirap para sa mga misyonero na tunguhin nang madalas ang bulubundukin ng Cordillera.
   D. Mahirap lupigin ng mga sundalong Espanyol ang mga mandirigmang Igorot na kabisado ang pasikot-sikot sa mga bulubundukin.

10. Paano ipinapakita ng mga katutubong pangkat ang pakikipaglaban sa mga Espanyol upang hindi sila tuluyang masakop at mapanatili ang kanilang kasarinlan?

   A. Pagsasawalang-kibo
   B. Pagyakap sa Kristiyanismo
   C. Pagiging masunurin sa mga utos ng mga Espanyol
   D. Pagsuway sa patakaran o rebelyon at pangangayaw o headhunting



# Karagdagang Gawain

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa patlang. Gamitin ang rubrik bilang batayan sa pagbibigay ng puntos. **(5 puntos/aytem)**

**RUBRIK SA PAGPAPALIWANAG**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (5)** | Napakalinaw at napakatumpak ng sagot sa tanong |
| **Mahusay (4)** | Malinaw at tama ang sagot sa tanong |
| **Katamtaman (3)** | May kalinawan ang sagot ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong |
| **Di-gaanong Maayos (2)** | Hindi masyadong malinaw ang sagot sa tanong |
| **Sadyang Di-Maayos (1)** | Hindi natapos ang sagot/ Walang naisulat. |

1. Paano mo maipagmamalaki ang ginawang katapangan at tagumpay ng ating mga katutubong Igorot sa Cordillera?

   **Sagot:**________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   _____

2. Maliban sa mga Igorot sa Cordillera, sinu-sino pang katutubong pangkat ang hindi tuluyang nasakop o napasailalim sa kolonyalismong Espanyol? Paano naman nila napanatili ang kanilang kalayaan?

   **Sagot:**________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ____________________________________________________________
   ________________________________________

# Susi sa Pagwawasto

## Balikan

1. A
2. A
3. D
4. B
5. C

## Tuklasin

1. IGOROT
2. NAKIPAGLABAN
3. KALAYAAN

## PAGYAMANIN

1. D
2. B
3. C
4. A
5. E

**GAWAIN A**

1. MONOPOLYO SA TABAKO
2. PAGPAPALAGANAP NG KRISTIYANISMO
3. PANGANGAYAW
4. REBELYON
5. PAGSUYAW SA MGA PATAKARAN

**GAWAIN B**

MAY IBA' T-IBANG SAGOT.

## Isaisip

1.PAGPAPALAGANAP NG KRISTIYANISMO
2.MALAYANG PAKIKIPAGKALAKALAN
3.PAGKAKAISA LABAN SA PANG-AABUSO
4.MALAYANG PAMUMUHAY NA MALAYO SA IMPLUWENSIYA NG DAYUHANG MANANAKOP
5.KALAYAAN SA PAMAMAHALA

## Tayahin

A.
1. MALAYANG PAKIKIPAGKALARAKAN SA IBANG MANGANGALAKAL
2. PAGKAKAISA LABAN SA PANG-AABUSO NG MGA ESPANYOL.
3.PAGPRESERBA NG NAKAGISNANG PANINIWALA.
4. PAGBIBIGAY HALAGA SA MALAYANG PAMUMUHAY SA MALAYO SA IMPLUWENSIYA NG MGA DAYUHANG MANANAKOP
5. KALAYAAN SA PAMAMAHALA

B.
6. A.
7. D
8. B
9. B.
10. D.

# *Sanggunian:*

Books:

Gabuat, Maria Annalyn P., Michael M. Mercado, and Mary Dorothy dL. Jose. 2016. "Araling Panlipunan 5." *Pilipinas Isang Bansa*, 208-213, 216-221. Quezon City, Philippines: Vibal Group, Inc.

Internet (Photo Credits):

Canva for Education:
https://bit.ly/3pTKRRa

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.